nanginig ang aking mga labi, nabulok ang aking mga buto,
nanginig ang aking mga binti.
Ngunit hinihintay kong may pag-asa ang araw ng kapighatian,
sa pagharap ng bayan ko sa sumasalakay sa amin.
17 Sapagkat hindi man mamulaklak ang mga igos,
at di mamunga ang mga ubas,
magkulang man ang aning olibo,
wala mang anihin sa mga bukid,
mawalan man ng tupa sa pastulan
at ng baka sa kulungan,
18 gayunma'y kay Yawe ako magagalak,
sa Diyos kong Tagapagligtas liligaya.
19 Si Yaweng Panginoon ang aking lakas,
mga paa ko'y ginagawang simbilis ng usa,
at pinalalakad ako sa kaitaasan.

*Para sa punong mang-aawit, sa saliw ng de-kuwerdas na mga panugtog.*

# SOFONIAS



Mga taong 630, binasag ng tinig ni Sofonias ang katahimikan pagkaraan ng pitumpung taong hindi naririnig ang salita ng Diyos. Mga taong 690 nang matapos ni Isaias ang kanyang misyon, at pagkatapos niyon, mahigit sa limampung taon ng pag-uusig sa ilalim ng paghahari ni Manases ang dinanas ng mga sumasampalatayang taga-Juda.

**1** 1 Narito ang salita ni Yawe na dumating
kay Sofonias na anak ni Kusi, na anak ni
Gedalias na anak ni Amarias na anak ni Ezekias,
sa paghahari sa Juda ni Yosias na anak ni Amon.
2 "Malapit ko nang alisin sa lupa ang lahat,
sabi ni Yawe. 3 Aalisin ko ang mga tao at mga
hayop, aalisin ko ang mga ibon sa langit at ang
mga isda sa dagat (at ang kasamaan kasama
ang masasama). Aalisin ko ang mga tao sa balat
ng lupa – salita ni Yawe. 4 Iuunat ko ang aking
kamay laban sa Juda at sa mga nasa Jerusalem,
at papawiin ko ang nalabing Baal maging ang
mga pangalan ng mga paring pagano. 5 Papa-
wiin ko ang mga yumuyuko sa mga terasa sa
pagsamba sa hukbo ng mga bituin, at ang mga
kapwa bumabanggit kina Yawe at Milkom, 6 at
ang mga tumatalikod din kay Yawe na di huma-
hanap at di sumasangguni sa kanya.
7 Tahimik! Parating na si Yaweng Panginoon;
malapit na ang kanyang araw. Inihanda ni Yawe
ang isang pag-aalay at ibinukod ang mga inan-
yayahan niya. 8 Sa araw ng pag-aalay ni Yawe,
parurusahan ko ang mga pinuno, ang mga anak
ng hari at lahat ng nakadamit na sunod sa
banyagang moda. 9 Parurusahan ko ang mga
lumulundag sa pintuan, at parurusahan din ang
mga nagpupuno sa Bahay ng kanilang Pangi-
noon ng dahas at pandaraya.
10 Sa araw na iyon, sabi ni Yawe, may siga-
wan sa Pintuan ng Mga Isda, may hiyawan sa
bagong siyudad at nagkakaingay sa gawi ng
mga burol.
11 Managhoy kayo, mga tagalambak, sapag-
kat nilipol na ang pangkat ng mga negosyante,
inalis ang lahat ng nagtitimbang ng pilak.
12 Sa panahong iyon sisiyasatin ko ang Jeru-
salem nang may mga ilawan at parurusahan ko
ang mga taong di magbabago na nag-iisip na:
'Wala namang nagagawang mabuti o masama
si Yawe.' 13 Sasamsamin ang kanilang kaya-
manan, mawawasak ang kanilang mga bahay.

Makapagtayo man sila ng mga bahay, hindi naman nila titirhan ang mga iyon; at makapagtanim man sila ng mga ubas hindi naman nila maiinom ang alak.

**Araw ng poot ang araw na iyon**

• 14 Malapit na ang dakilang araw ni Yawe,
malapit na, narito na.
Mapait ang ingay ng araw ni Yawe
kaya sisigaw ang matapang.
15 Araw ng galit ang araw na iyon,
araw ng pighati at hapis,
araw ng pagkawasak at pangungulila,
araw ng karimlan at kulimlim,
araw ng ulop at ulap,
16 araw ng sigaw at tunog ng trumpeta
laban sa mga napapaderang matataas na
mga tore.
17 Ipapahamak ko ang mga taong maglala-
kad na parang mga bulag (dahil sa pagkakasala
nila kay Yawe), kakalat na parang alabok ang
kanilang dugo at itatapong parang basura ang
kanilang laman.
18 Walang pilak o gintong makapagliligtas sa
kanila sa araw ng galit ni Yawe sa pagkatupok ng
sangkalupaan sa apoy ng kanyang selos. Lili-
pulin nga niya nang kakila-kilabot ang lahat ng
nasa sanlibutan.

**2** 1 Magtipon kayo, mga taong walang-
hiya, 2 bago kayo itaboy na parang
dayami, bago sumapit sa inyo ang nagli-
liyab na poot ni Yawe, bago sumapit ang
araw ng galit ni Yawe.
3 Hanapin ninyo si Yawe, lahat kayong
hamak sa lupa, kayong nagsasagawa sa
kanyang kautusan. Hanapin ang kataru-
ngan, hanapin ang kababaang-loob, at
baka itago kayo sa araw ng galit ni Yawe.

4 Pababayaan ang Gaza, mawawasak ang
Askalon, itataboy ang Asdod sa tanghaling-
tapat, at bubunutin ang Ekron. 5 Kawawa ang
mga taga-tabing-dagat, ang bayan ng mga
Kereteo. Nagsalita nga si Yawe laban sa inyo: 'O
Kanaan, lupain ng mga Pilisteo, wawasakin kita
at hindi ka na pamamayanan.'
6 Magiging pastulan ang tabing-dagat, tira-
han ng mga pastol at kulungan ng mga kawan.
7 Magiging pag-aari ito ng nalabi sa mga samba-
hayan ni Juda. Sa baybaying-dagat sila magpa-
pastol at matutulog kung gabi sa mga bahay ng
Askalon pagdalaw ni Yaweng kanilang Diyos at
pag ibinalik niya ang itinapon sa kanila.

8 Narinig ko ang pag-insulto ng Moab at ang
mga paglait ng mga Amonita. Sila ang umali-
pusta sa aking bayan at sumakop sa aking
lupain. 9 Kaya saksi ang buhay ko – sabi ni Yawe
ng mga Hukbo, Diyos ng Israel – matutulad ang
Moab sa Sodom at ang mga Amonita naman sa
Gomorra na isang lugar ng mga dawag, isang
buntong asin, tiwangwang sa habang panahon.
Sasamsaman sila ng nalabi sa aking bayan, at
mamanahin ito ng mga natira sa aking bansa.
10 Sasapitin nila ito dahil sa kanilang kayaba-
ngan, nang insultuhin nila ang bayan ni Yawe ng
mga Hukbo at sinakop ang kanyang lupain.
11 Magiging kakila-kilabot sa kanila si Yawe ka-
pag nilanta niya ang lahat ng diyos sa lupa at
yumuko sa harap niya sa kani-kanilang lupain
ang mga bansa sa lahat ng pulo.
12 Nakaamba rin sa inyo, mga Etiope, ang
banta ng aking tabak.
13 Iuunat niya ang kanyang kamay laban sa
hilaga at lilipulin ang Asiria; at maiiwang tiwang-
wang ang Ninive, tigang na parang disyerto. 14 Ma-
hihiga roon ang mga kawan, lahat ng klase ng
hayop. Dadapo sa kanyang mga haligi maging
ang kuwagong-ilang at kuwagong-abuhin, huhuni
sa bintana ang kuwago at nasa may bungad
naman ang uwak. Nabunot na nga ang sedro.
15 Ito ang masayang siyudad na matiwasay,
na nag-akalang 'Ako lamang at ano pa ba?'
Bakit bunton na lamang siya ng mga guho at
taguan ng mga hayop? Pinagtatawanan siya at
itinuturo ng mga dumaraan.

**Laban sa Jerusalem**

**3** 1 Kawawa ang rebelde at karumal-dumal,
ang siyudad na nang-aapi! 2 Binale-wala
ang pagtawag, di tinanggap ang pangaral. Hindi
nanalig kay Yawe, hindi lumapit sa kanyang
Diyos. 3 Mga leong umuungol ang kanyang mga
pinuno; mga asong-gubat ang kanyang mga
hukom na walang itinitira sa kinabukasan. 4 Di-
mapagkakatiwalaan ang kanyang mga prope-
tang sinungaling, at nilalapastangan ng kan-
yang mga pari ang anumang banal at nilalabag
ang batas.
5 Makatarungan naman si Yaweng nasa piling
niya. Hindi siya gumagawa ng kasamaan, kundi
itinuturo tuwing umaga ang dapat gawin;
hinding-hindi siya nagpapabaya. Ngunit wa-
langhiya ang masama.

---

• **1**.14 Inilalahad ni Sofonias ang *araw ni Yawe* bilang pananakot. Naniniwala ang mga Judio na nagiging pagpapalaya para sa bayan ang pagdating ni Yawe. Sa gayon, nakapagpapatuloy na mabuhay ang mga ito nang walang katarungan o pananampalataya. Pero alam ng propeta na isasakatuparan ni Yawe ang sarili nitong mga plano. Hindi ang inaakala ng mga walang-pakialam ang pagliligtas ni Yawe, at magsisimula ito sa pagpuksa sa mga hindi pa nagbabagong-buhay.

6 Pinawi ko ang mga bansa, giniba ang kanilang mga tore. Para nang disyerto ang kanilang mga daan at wala nang dumaraan. Wasak na ang kanilang mga lunsod at wala nang naninirahan.
7 Inisip ko: 'Kung matatakot ka lamang sa akin at tatanggap ng pangaral! Hindi mo na sana malilimot ang mga parusa ko sa iyo.' Ngunit maagang nabulok ang kanilang pamumuhay.
8 Kayat hintayin ninyo ako, sabi ni Yawe, sa araw na magsakdal ako at maghukom din. Titipunin ko ang mga bansa at mga kaharian para ibuhos sa kanila ang aking galit, ang buong lagablab ng aking poot, at tutupukin ng apoy ng aking galit ang sanlibutan.
9 Sa panahong iyon, bibigyan ko ng mga bagong labing matapat ang mga bayan para tumawag silang lahat sa ngalan ni Yawe at sama-samang maglingkod sa kanya.
10 Magdadala ng handog sa akin ang mga sumasamba sa akin mula sa kabilang ibayo ng mga ilog ng Etiopia kasama ng bayan kong nakakalat.

**Nasa piling ng mga hamak ang Diyos**

• 11 Sa araw na iyon, hindi mo na ikahihiya
ang lahat ng pagtataksil at mga pagkakasala mo sa akin;
sapagkat aalisin ko sa piling mo ang mga masayang nagyayabang
at di na muling magmamalaki sa aking banal na bundok.

12 Iiwan ko sa iyo ang isang bayang hamak at dukha
na aasa sa ngalan ni Yawe – ang nalabi sa Israel
13 Hindi sila gagawa ng kasamaan,
wala nang kasinungalingan sa kanila
at di na matatagpuan ang panlilinlang sa kanilang bibig.
Kakain sila at magpapahinga rin,
at walang manggugulo sa kanila.

14 Magalak ka, Dalagang Sion;
magsaya, O Israel.
Magsaya ka't magalak nang buong puso,
O Dalagang Jerusalem.
15 Inalis nga ni Yawe ang hatol sa iyo,
itinaboy ang iyong mga kaaway.
Nasa piling mo si Yaweng Hari ng Israel,
hindi mo na makikita ang kasawian.

16 Sasabihin sa Jerusalem sa araw na iyon:
Huwag kang matakot, Sion,
huwag manginig ang iyong mga kamay.

---

• 11. Ito ang unang pangitain na naglalarawan sa bayan ng Diyos, *bayang hamak at dukha*.

Nag-iwan ng Labi sa Sion ang mga pagwasak sa Araw ni Yawe. Sa unang pagkakatao'y tinatawag na mga dukha ang mga naghihintay sa Diyos. Hindi ang pagiging dukha sa materyal na bagay ang unang binibigyang-diin dito kundi ang pagharap sa Diyos taglay ang saloobin ng mga walang-wala at handang tumanggap sa lahat ng sa Diyos. Dati'y *kasawian* ang ipinahihiwatig ng salitang *karukhaan*; pero ito ngayon ang magiging kundisyon sa paghahanap sa Diyos. Mula sa sandaling iyon, ang salitang "mga dukha ni Yawe" ay mangangahulugan na ng lahat ng nasa Israel na umaasang matatagpuan ang Diyos. Hanggang ipahayag ng Ebanghelyo, lalo na ng ebanghelyo ni Lucas, ang kaligayahan ng mga dukha (tingnan ang Lc 6:20).

Mananahan si Yawe sa Jerusalem para ibahagi sa kanila ang kanyang kaligayahan. Biglang ipapakita ng Diyos na Banal na siya ay parang binatang umiibig, at bale-wala sa kanya ang sasabihin ng iba.

*Sumigaw ka sa galak, O Dalagang Sion, huwag kang matakot sapagkat kapiling mo ang Panginoon.* Sinasabi kay Maria ang parehong mga salita sa Ebanghelyo ni Lucas sa araw ng pagbabalita ng Anghel: "Matuwa ka, sumasaiyo ang Panginoon. Huwag kang matakot, Maria, dadalhin mo sa iyong sinapupunan ang Tagapagligtas" (Lc 1:28).

17 Nasa piling mo si Yaweng iyong Diyos,
ang bayaning makapagliligtas.
Lulundag siya sa tuwa dahil sa iyo,
mamahalin ka niya nang panibago;
sisigaw siya sa galak dahil sa iyo,
at magdiriwang na parang piyesta.

18 Ilalayo ko sa iyo ang pagbabanta,
ang kahihiyang pabigat sa iyo.
19 Sa panahong iyon, lilipulin ko lahat ng
umaapi sa iyo.
Ililigtas ko ang pilay, at titipunin ang pina-
ngalat;
pupurihin ko sila at pararangalan
sa lahat ng lupaing sila'y hiniya.
20 Sa panahong iyon, magmamagandang-
loob ako sa inyo
kapag tinipon ko kayo.
Patatanyagin ko kayo at pupurihin
sa buong sangkatauhan,
kapag ibinalik ko ang mga itinapon sa
inyo.
Kayo mismo ang makakakita – sabi ni Yawe.



# AGEO

Si Ageo ang nangunguna sa mga propeta pagkatapos ng Pagkatapon. Ipinahahayag ng tatlong propetang ito – sina Ageo, Zacarias at Malakias – ang salita ng Diyos sa isang ganap na bagong panahon. Inilantad at tinuligsa ng mga naunang propeta ang mga kasalanan ng Israel at ibinalita ang nalalapit na Paghuhukom. Pero ngayon, pagkatapos ng mga pagsubok sa pagkawasak ng Jerusalem at ng Pagkatapon sa Babilonia, kailangang itayong muli ng pamayanang Judio ang kanilang bansa. At dito hinihingi ng mga propeta na ang Templo muna ang dapat na itayong muli.

Tiyak na kailangan munang paglingkuran ng mga Judio ang Diyos, at gayon din para sa atin, bago hingin sa kanya na lutasin ang kanilang mga problema. Pero propetiko sa ibang kahulugan ang mensahe ni Ageo: sinisimulan nito ang isang bagong yugto sa Banal na Kasaysayan kung saan lalago at magbubunga ang sambayanang Judio mula sa pagiging tapat nito sa Batas at sa pagsamba. Ang Templo na ang Tahanan ng Diyos sa gitna ng kanyang bayan, pero kailangan pa rin nilang hintayin ang mahiwagang pagdating ng Diyos sa araw na dumaan siya para dalawin ang kanyang bayan.

**Laban sa mga taong sariling bahay lamang ang iniisip**

1 1 Sa ikalawang taon ng paghahari
ni Dario, sa unang araw ng ikaanim
na buwan, dumating kay Propeta Ageo
ang salita ni Yawe para bilinan si Zoro-
babel na anak ni Sealtiel, na siyang gober-
nador ng Juda, at si Josueng anak ni
Yosadak, na Punong-pari.
2 "Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga
Hukbo: Ipinapalagay ng bayang ito na
hindi pa dumarating ang panahon para